

## Alerto sa Panganib sa DOSH

*Tumutulong sa mga employer na maiwasan ang mga pinsala sa lugar ng trabaho*

**Peb. 25, 2022**

### **Paggamit ng Respirator para Maiwasan ang COVID-19 Sa Mga Panahon ng Kakulangan ng Mga Kawani sa Pangangalagang Pangkalusugan**

**Paunawa:** Mga employer na may mga empleyadong nagtatrabaho sa mga ospital, klinika, pangmatagalang pangangalaga, o iba pang pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan

### **Mas Mataas na Panganib sa COVID-19**

Dahil sa kakulangan ng kawaning nagtatrabaho sa mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, bumabalik sa trabaho ang mga empleyadong may COVID-19 kahit posibleng nakakahawa pa sila. Pinapataas nito ang panganib ng hawaan ng COVID-19.

### **Mga Ipinag-aatas at Rekomendasyon sa Respirator**

Ipinag-aatas ng Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng Paggawa at Industriya (L&I Division of Occupational Safety and Health, DOSH) ang paggamit ng mga fit-tested na respirator ng sinumang empleyadong pumapasok sa kwarto ng isang pasyente na pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19.

Inirerekomenda ng DOSH, pero nito ipinag-aatas, ang paggamit ng mga fit-tested na respirator para sa mga empleyadong nagtatrabaho malapit sa mga katrabahong pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19.

Ipinag-aatas ang isang kumpletong respirator program, kasama ang fit testing, kapag ipinag-aatas ng mga employer ang paggamit ng mga respirator bilang mga personal na pamprotektang kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE) — ipinag-aatas man ng DOSH o hindi ang ganitong paggamit.

### **Mga Respirator — Ang Pinakaligtas na Alternatibo**

Sinusuri at kinokontrol ang mga respirator para matiyak ang mapagkakatiwalaang mataas na antas ng proteksyon sa mga nagsusuot — mas mataas ang proteksyon kaysa mga facemask (halimbawa., mga surgical o medical procedure mask) at pantakip ng mukha. Bukod pa rito:

- Ayon sa mga pag-aaral, kasinghusay ng mga N95 ang mga surgical mask para sa paggamit bilang source control, kahit walang exhalation valve\*.
- Nagbibigay ang mga respirator ng mas kumpletong selyo sa paligid ng bibig at ilong ng nagsusuot kumpara sa isang facemask o pantakip sa mukha na gawa sa tela. Ang kasapatan ng pagkakaselyo ay puwedeng matiyak sa pamamagitan ng pag-fit test sa respirator; na hindi magagawa sa mga facemask.
- Available ang mga surgical N95 (na may pag-apruba ng Administrasyon sa Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) bilang source control o bilang PPE para sa mga gawaing inirerekomenda ang proteksyon laban sa mga tumitilamsik na likido.

\* Tingnan ang publikasyon Blg. 2021-107 ng Pambansang Institusyon para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (National Institute for Occupational Safety and Health, NIOSH) sa [www.cdc.gov/niosh/docs/2021-107](http://www.cdc.gov/niosh/docs/2021-107). Gayundin, hindi dapat gamitin ang mga respirator na may exhalation valve sa mga klinikal na setting kung saan dapat panatilihin ang isang sterile na kapaligiran.



Dibisyon ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho

[www.Lni.wa.gov/HazardAlerts](http://www.Lni.wa.gov/HazardAlerts) | 1-800-423-7233

SA KABILA

## Boluntaryong Paggamit

Kapag natukoy ng isang employer na hindi kinakailangan ang paggamit ng respirator, pero gusto pa ring magsuot nito ng isang empleyado, nalalapat ang mga ipinag-aatas sa boluntaryong paggamit. Dapat i-accommodate ng mga employer ang boluntaryong paggamit ng empleyado nito ng mga pamprotektang device o kagamitan alinsunod sa Pang-administratibong Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 296-62-601 hanggang WAC 296-62-60103. [www.Lni.wa.gov/safety-health/safety-rules/chapter-pdfs/WAC296-62.pdf#WAC\\_296\\_62\\_601](http://www.Lni.wa.gov/safety-health/safety-rules/chapter-pdfs/WAC296-62.pdf#WAC_296_62_601)

Hindi ipinag-aatas ang pag-fit test para sa boluntaryong paggamit, pero inirerekomenda ito para mapahusay ang proteksyon.

## Mga Respirator bilang Source Control

Kapag napagpasyahan ng isang employer na dapat magsuot ang mga partikular na empleyado (hal. empleyado na posibleng may COVID-19) ng N95 o iba pang respirator para lang sa source control (ibig sabihin, isinusuot para protektahan ang iba), nalalapat ang lahat:

- Puwedeng isaalang-alang ng mga employer ang paggamit bilang boluntaryo ayon sa Kabanata 296-842 ng WAC, Ang Panuntunan sa Respirator. <https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=296-842>
- Ipinag-aatas ang reduced respirator program (halimbawa, para sa paggamit ng N95, limitado ito sa pagbibigay ng kopya ng Talahanayan 2 mula sa Panuntunan sa respirator) at dapat tiyakin ng employer na hindi magdudulot ang paggamit ng panganib sa kalusugan o kaligtasan.
- Dapat isadokumento ng employer na ginagamit lang ang respirator para sa source control (kung hindi na-fit test ang respirator).
- Hinihikayat ang pag-fit test, pero hindi ipinag-aatas.

## Makakuha ng tulong mula sa L&I

### Webpage sa kaligtasan sa COVID-19 ng L&I

[www.Lni.wa.gov/COVIDSafety](http://www.Lni.wa.gov/COVIDSafety)

### Makipag-ugnayan sa L&I

Mag-email sa [EyeOnSafety@Lni.wa.gov](mailto:EyeOnSafety@Lni.wa.gov), o tumawag sa 1-800-423-7233.

### Programang Konsultasyon

Nagbibigay ang L&I ng mga libreng konsultasyon, pagsasanay, at teknikal na tulong sa mga employer. Makakuha ng higit pang impormasyon at mag-iskedyul ng libreng kumpidensyal na konsultasyon sa [www.Lni.wa.gov/SafetyConsultants](http://www.Lni.wa.gov/SafetyConsultants).

*Ang alerto na ito ay para magbigay ng kamalayan sa mga potensyal na panganib sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho. **Hindi ito panuntunan, at hindi bumubuo ng mga legal na obligasyon.** Inirerekomenda ng L&I na suriin ng mga empleyado at maggagawa ang mga panuntunan sa kaligtasan at kalusugan para sa mga partikular na kinakailangan sa [www.Lni.wa.gov/SafetyRules](http://www.Lni.wa.gov/SafetyRules).*